

LESSON 9
BLESSED SONS OF ABRAHAM

GALACIA 3:6-9

Kung paanong si Abraham ay sumampalataya sa Diyos, at ito'y ibinilang sa kanya na katuwiran. ⁷Kaya't inyong nakikita na ang mga sumasampalataya ay mga anak ni Abraham. ⁸At ang kasulatan, na nakakaalam nang una pa man na aariing-ganap ng Diyos ang mga Hentil sa pamamagitan ng pananampalataya, ay ipinahayag ang ebanghelyo nang una pa man kay Abraham, na sinasabi, "Sa iyo ay pagpapalain ang lahat ng mga bansa." ⁹Kaya't ang mga sumasampalataya ay pinagpapalang kasama ng mananampalatayang si Abraham.

PANIMULA

1. Sinong tao ang sa tingin mo ay may pinakamahalagang koneksiyon ka? Bakit mo nasabing mahalaga ang koneksiyon mo sa taong ito? Ano ang mangyayari kung wala ang koneksiyong ito?

Tulay sa Pag-aaral: Mahalaga sa ating mga Pilipino ang mga koneksiyon sa mahahalagang tao – sa pulitika, sa paghahanap ng trabaho, sa transaksyon sa gobyerno, o sa pagharap sa krisis pampamilya. Mahalaga ito dahil mayroon tayong nakukuhang “benefits” o “advantages.” Para sa mga Judio, isa sa ipinagmamalaki nila ay ang “koneksiyon” nila kay Abraham dahil sa napakalaking pangako ng Diyos sa kanya na sa tingin nila ay mapapasakanila rin kung sila ay mga “anak ni Abraham.” Sa Galacia 3:6-9, ipagpapatuloy ni Pablo ang pagtatanggol sa doktrina ng kaligtasan na ang pananampalataya lamang kay Cristo ang paraan upang maligtas ang isang tao – Judio man o Hentil – at hindi sa pamamagitan ng pagiging Judio o pagsunod sa kautusan. Sa mga talatang ito, si Abraham ang kanyang ginawang halimbawa.

PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verse 6. Ito ay galing sa Genesis 15:6 (basahin rin). Ano ang makikita natin ditong pinanghawakan (o pinanaligan) ni Abraham? Ano ang naging resulta nito? Siya ba ay nagkaroon ng kaligtasan dahil siya ay nasumpungan ng Diyos na matuwid o dahil siya ay ibinilang na matuwid? Patunayan ang sagot.

3. Ano sa tingin ninyo ang kahalagahan na malaman natin na tayong mga makasalanan ay naligtas nang tayo'y *ibilang* o *ituring* na matuwid bago pa man tayo *maging* matuwid?
4. Basahin ang verse 7. Sa mga Judio na nagsasabing sila ang mga anak ni Abraham, ano sa tingin ninyo ang nais iparating dito ni Pablo? Bakit nakabatay ang pagiging anak ni Abraham sa pananampalataya at hindi sa “*biological connection*”?
5. Basahin ang verse 8. Bakit mahalaga para sa ating mga Pilipino na maging mga anak rin ni Abraham?
6. Anong pagpapala ang tinanggap ni Abraham na tatanggapin din natin kung tayo ay kanyang mga anak? Tingnan ang 1 Pedro 3:18 at Filipos 3:8 -9. Ano'ng dapat itama sa ating mga Cristiano kapag naririnig natin ang salitang “pagpapala” o “biyaya”?
7. Basahin ang verse 9. Paano natin matatanggap ang pagpapalang ibinigay ng Diyos kay Abraham? Ano ang kaugnayan dito ni Cristo at ano ang kaugnayan na dapat mayroon tayo kay Cristo? Tingnan ang Mateo 1:1.

PAGSASABUHAY

8. Ikaw ba ay tunay na anak ni Abraham? Para sa iyo, bakit ito mahalaga? Paano mo natiyak na ikaw nga ay tunay na anak ni Abraham at sa gayon ay tatanggap ng ipinangakong pagpapala ng Diyos na nakay Cristo?
9. Sino ang isang kapamilya o kaibigan ang sa tingin mo ay hindi pa anak ni Abraham at wala pang kaugnayan kay Cristo? Ano ang gagawin mo sa mga susunod na araw para simulang ibahagi sa kanya ang “pagpapala” ni Abraham?